Minutes of Annual General Membership Meeting
September 08-09, 2011

"Lakbay Diwa Tungo Sa Ibayong Tagumpay"

September 08, 2011 (Thursday)

1. Panimula

- Nagsimula ang ika-12 taunang pagpupulong ng CARD MBA sa ganap na ika-8 ng umaga sa pamamagitan ng pagpapakilala sa mga *area representatives* na nagsidalo at gayundin sa mga kawani ng CARD MBA. Samantala, mayroon ding dumalo mula sa mga BOAT Partners ng CARD MBA gaya ng BINHI, LAMPCO, USWAG, TIMGAS, Naguilian MPC at San Roque MPC. Ito ay pinangunahan nina AMO Vener S. Abellera at IHA Fritzie M. Goza bilang *Masters of Ceremony*.
- Kasunod nito, tinalakay ni Assisitant Manager for Admin & Finance, Ms. May S. Dawat, ang *House Rules* at ang mga *activities* na isasagawa sa loob ng dalawang (2) araw.
- Pinasimulan ni Pangulong Jocelyn C. Decipeda ang pagpupulong at pinangunahan ito ng isang panalangin mula kay BOT Leonisa L. Dizon.

2. Paglalahad ng *Quorum* at Pagbasa ng Nakaraang Katitikan

Inilahad ni Kalihim Lydia A. Mendoza ang kabuuang bilang ng nakalap na *proxy votes* na 620, 251. Ang bilang na ito ay 82% ng buong kasapian kung kaya't idineklarang may *quorum* na kung saan maaring ipagpatuloy ang gagawing pagpupulong.

Kaugnay nito, 189 *Area Representatives* ang dumalo sa nasabing pagpupulong habang anim (6) naman ang hindi nakadalo.

Sa pagpapatuloy ay binasa ang nakaraang katitikan at ito ay pinagtibay sa pamamagitan ni Gng. Melanie P. Catapang mula sa Cavite PO na pinangalawahan ni Gng. Leah P.Macapugay ng Oriental PO.

3. Mga Naging Kaganapan sa Nakaraang Katitikan

Ayon kay GM Alex M. Dimaculangan, mula sa mga *essays* na pinadala noong ipagdiwang ang ika-11 taong pagpupulong ng Samahan, nakagawa tayo ng isang *coffee book* na pinamagatang Liham Pasasalamat 2010. Ito ay naglalaman ng 263 *essays* mula sa mga testimonya ng mga nabigyan na ng benepisyo ng Samahan. Namahagi din tayo ng kopya nito sa lahat ng Provincial Offices, BOAT Partners at iba pang institusyon ng CARD MRI.

4. Mga naging kaganapan

Iniulat ni Pangulong Jocelyn C. Decipeda ang mga naging kaganapan noong taong 2010.

4.1 Kaganapan sa operasyon at pinansyal

Mula sa 17 Provincial Offices (PO) at tatlong (3) Service Offices (SO) noong taong 2009, natapos ang taong 2010 na may 20 POs at apat (4) SOs ang kabuuang bilang ng ating tanggapan. Samantala, ang kabuuang bilang naman ng kasapian ay 1, 244,547.

Habang Php 2,665,218,083.00 naman ang *total assets* na naideklara noong ika-31 ng Disyembre, 2010.

4.2 Provincial Office Audit Ratings

Nanguna pa rin ang Bulacan PO na kung saan nakakuha ito ng pinakamataas na *Audit Rating* na 94%, sinundan naman ito ng Ilocos PO at Masbate PO na may 90%, at Laguna PO na nakakuha ng ikatlong pwesto na may 88% audit rating. Nakakuha naman ang buong Samahan ng 86% *overall ratings.*

4.3 BOAT Programs

Tatlong (3) *BOAT Partners* ang napadagdag sa taong 2010 at ito ay ang Kalikasan MPC mula sa Binan, Laguna na sakop ng Laguna PO, SAGEM AGRA MPC mula sa Barotac Viejo, Iloilo na masasakop ng Iloilo PO, at HONFACRECO mula sa Surigao del Norte na masasakop ng Cagayan de Oro PO.

4.4 *Micro-Insurance Agents (MIA)*

Nagtapos ang taong 2009 na may kabuuang bilang ng MI-Agents na 394 habang 502 naman para sa taong 2010.

4.5 Non-financial Services

4.5.1 CARD MRI Disaster Relief Assistance Program (CDRAP)

Ang kabuuang bilang ng mga kasaping nabigyan ng *relief goods* ay 24,893 na kung saan 17,787 dito ay naapektuhan ng bagyo; 6,502 naman ang mga naapektuhan ng pagbaha; at 604 ang mga nasunugan. Sa kabuuan, ito ay nagkakahalaga ng Php 5,458,734.05. Bilang karagdagan, ang mga *relief goods* ay sinasamahan na rin ng mga gamot.

4.5.2 Mass Wedding

Mayroong 24 na pares ng kasapi at kanyang asawa ang ikinasal sa pamamagitan ng Mass Wedding.

4.6 Mga Nabayarang Benepisyo

Nakatala sa ibaba ang kabuuang bilang ng nabigyan ng benepisyo at ang kabuuang halaga nito.

CLAIMS			NUMBER/AMOUNT
Number of Claim Paid	Life Insurance		11,321
	Retirement Savings Fund (RSF)		11
	Loan Redemption		2,238
	Refund of Contribution	Life Insurance	14,079
		RSF	140,470
Amount of Claim Paid	Life Insurance		Php 125,813,839.00
	Retirement		Php 38,880.00
	AKAP CARD		Php 16,847,406.00
	Loan Redemption		Php 18,655,012.00
	Refund of Contribution	Life Insurance	Php 20,398,516.00
		Retirement	Php 49,469,782.00
	Total		**Php 231,219,435.00**

4.7 1-3-5 Day Target sa Pagbabayad ng Benepisyo

Isang pataunay na naibibigay natin nang mabilisan ang mga benepsiyo para sa mga kasapi at lehitimong kaanak nito ay ang pagkakaroon natin ng 99.5% kasaping nabayaran sa loob lamang ng isang (1) araw samantalang 94% naman ang nabayarang lehitimong kaanak sa loob din lamang ng isang (1) araw.

4.8 Mga kaganapan simula 1999 hanggang 2010

Dahilan sa mabilis na pag-unlad ng CARD MBA, mula sa dating bilang ng kasapian na 28,531 noong unang (1) taon ng pagkakatatag nito ay umabot na ito sa 1,244,547 kasapi sa pagtatapos ng taong 2010. Gayundin, mula sa 6.5 Million *assets* ng samahan ay lumaki na ito ng 2.6 Billion *total assets* hanggang sa taong 2010.

5. Receive Audited Financial Statement

Ipinagkaloob ni Asst. Manager for Admin and Finance, Ms. May S. Dawat, ang 2010 *Audited Financial Statement* ng Samahan kay Ingat-Yaman Elizabeth S. Makayan. Sinundan ito ng pagbibigay-ulat ng Ingat-Yaman ng pinansyal na kalalagayan ng Samahan sa taong 2010.

6. Pagtalakay sa mga Tungkulin ng Lupon ng Patnugot at Alituntunin sa Isasagawang Halalan

Sapagka't mula sa mga dumalong Area Representatives ay mahahalal ang bagong mga Patnugot, ipinaliwanag ni In-house Actuary, Ms. Fritzie M. Goza, ang mga tungkulin ng Lupon ng Patnugot. Gayundin, tinalakay ang mga kwalipikasyon upang maging isang Patnugot, taning ng kanilang panunungkulan at sinu-sino ang mga opisyales ng nasabing Lupon. Ipinaliwanag din ang mga alituntunin at gabay sa gagawing nominasyon at paghahalal ng bagong Patnugot.

Ang mga Patnugot na tapos na ang dalawang (2) taong taning ng panunungkulan ay sina Pangalawang Pangulo Adela P. Rivadeneira (Marinduque SO), Morena C. Apalit (Masbate PO), Lorely B. Añonuevo (Oriental Mindoro PO), at Rosalinda M. Caraig (Cavite PO).

Dahil dito, sila ay papalitan na at ang mga naging nominado sa pagiging Patnugot ay ang mga sumusunod:

MGA NOMINADO	
PANGALAN	**PROVINCIAL/SERVICE OFFICE**
Melanie P. Catapang	Cavite PO
Ma. Therese Jane F. Perdito	
Vivina D. Rapsing	Masbate PO
Lucy S. Gonzales	
Sarah C. Albelda	
Ma. Jocelyn Pelobello	Marinduque SO
Maricel A. Ramos	
Elenita M. Gremaldo	
Aniana A. Aniel	Oriental Mindoro PO
Leah P. Macapugay	

7. Paghahalal ng mga Bagong Lupon ng Patnugot

Naglagay ng *election precinct* na nakatalaga para sa bawat *cluster* ng Luzon 1, Luzon 2, Visayas at Mindanao na kung saan dito boboto ang mga *Area Representatives*. Matapos ang halos isa't kalahating oras ay natapos ang botohan at matapos nito ay sinimulan na ang pagbibilang ng mga boto sa bawat balota. Ang bawat presinto ay pinangunahan ng mga CARD MBA Regional Managers (RM) na tumatayong *Chairman* at mga Provincial Managers (PM).

Ang resulta ng botohan sa bawat presinto ay nakasulat sa isang *tally sheet* na may *title* na *"Election Returns."* Matapos ang bilangan ng boto, ang *election returns* ay nilagdaan ng nakatalagang RM at PM gayundin ng dalawang (2) *Area Representatives* na tumayo bilang mga *watchers*. Ang *election returns* na may tatak din ng Selyo ng Samahan bilang patunay na ito ay awtentiko ay inilagay sa *ballot box,* silyado at may lagda.

Ang mga *ballot box* na ito ay bubuksan lamang ng *Commission on Election* (COMELEC) at ito ay sa oras na sisimulan na ang pagbibilang ng *election returns* mula sa bawat *cluster*.

8. Pagsagot sa mga Katanungan ng mga MBA Coordinators

Inilahad ang kasagutan sa mga nakalap na katanungan ng mga MBA Coordinators hinggil sa Produkto at Serbisyo ng CARD MBA at CaMIA. Ito ay pinangunahan nina AMO Vener S. Abellera, AMO Roselito A. Magpantay at CaMIA GM Samuel P. Tumbado. Habang ang ibang kasagutan ay binigyang-linaw din nina GM Alex M. Dimaculangan at IHA Fritzie M. Goza.

Samantala, naging pangunahing suhestiyon ang mga sumusunod:

- Bilang MBA Coordinator ay sana madagdagan ang aming natatanggap na *allowance*

  Sagot: Sa kasalukuyang bilang ng MBA Coordinator na siguradong madadagdagan pa ay malaking *budget* na rin ito kung magdaragdag ng *allowance*. Gayunpaman, hindi ito nawawala sa mga nais ikunsidera ng Pamunuan na ipatupad sa mga susunod na taon.

- Bilang MBA Coordinator ay sana magkaroon kami ng *bonus* tuwing Disyembre na ayon sa tagal ng aming pagiging MBA Coordinator.

  Sagot: Hindi maaring pagbasehan ang tagal ng pagiging MBA Coordinator sapagkat pare-pareho lamang ang termino ng isang MBA Coordinator. Gayundin, noong nagdaang mga taon ay nagbibigay ng *cash gift* ang Samahan sa mga MBA Coordinator tuwing buwan ng Disyembre. Subalit nang magkaroon ng AKAP CARD, sa halip na *cash* ang ibigay sa mga MBA Coordinators ay pinalitan ito ng libreng AKAP CARD na higit na mas malaki kaysa *cash gift*.

September 09, 2011 (Friday)

1. Sinimulan ang ikalawang araw ng pagpupulong sa pamamagitan ng panalangin ni kalihim Lydia A. Mendoza na sinundan ng pag-awit ng Lupang Hinirang sa pangunguna ni Main Office Claims Processor, Roselle C. Badillo.

   Nagbigay ng isang maikling mensahe ang CARD MBA General Manager na si Mr. Alex M. Dimaculangan sa temang "Lakbay diwa tungo sa ibayong tagumpay."

   Sinundan naman ito ng pagbibigay-ulat hinggil sa mga naging kaganapan sa CARD MBA para sa taong 2010 sa pamamagitan ni Pangulo Jocelyn C. Decipeda.

   Matapos nito ay nagkaroon ng *Film Showing* na kung saan ipinakita kung paano nagsimula ang CARD MBA, kuha ng mga nabigyan na ng serbisyong gaya ng CDRAP at Mass Wedding. Ipinakita rin ang mga naging kaganapan sa nakaraang Ika-11 anibersaryo ng CARD MBA.

2. ***Pagpaparangal sa mga nagwagi sa Paligsahan ng Pagpili ng Tema at Pagsusulat ng Sanaysay (Essay Writing Contest)***

   Nagbigay ang Samahan ng *cash prize* sa mga nakilahok sa pagbibigay ng tema na maaring pagpilian para sa ika-12 Anibersaryo ng CARD MBA bagaman wala sa mga ipinadalang *entry* ang na napiling tema na "Lakbay Diwa Tungo sa Ibayong Tagumpay." At ang mga ito ay sina PRM Arlene R. Umandap, PM Ma. Joyce M. Alimagno, RM Maurcio B. Maur, PRO Edison P. Tuico, MO Christopher E. Comia, Oriental Mindoro PO at Cavite PO.

   Samantala, ang mga nanalo sa *essay writing contest* ay ang mga sumusunod:

RANK	***PANGALAN***	***PROVINCIAL OFFICE***
1st Prize	Monica H. Reyes *Pamagat: "Mahiwaga ang Buhay ng Tao"*	Oriental Mindoro PO
2nd Prize	Matilde Delamitas	Masbate PO
3rd Prize	Efipania Reyes	Bulacan PO
Consolation Prizes	Milagros R. Edep	Palawan PO
	Leah P. Macapugay	Oriental Mindoro PO
	Clarisse Nicolelyn Albaladejo	Camarines Sur PO
	Mylene Brecia	
	Estrella Landicho	Laguna PO
	Rosalita Cañete	Masbate PO
	Nenita Coton	

3. Mensahe mula sa Insurance Commission

Nagpadala ng mensahe si Deputy Insurance Commissioner Vida T. Chiong at ito ay binasa ni In-house Actuary Fritzie M. Goza.

4. Launching of MI-Adjusters* at *CaPILING AWARD* ng *PAID Plan

4.1 Sinimulan ito sa pamamagitan ng paunang ulat ni CaMIA GM Samuel P. Tumbado ng mga naging kaganapan sa operasyon ng CaMIA hanggang sa buwan ng Agosto 26, 2011. Kabilang dito ang benta ng PAID Plan ng mga MI-Agents mula sa Luzon 1 Cluster na 22, 593, Luzon 2 Cluster na 7,331, Visayas Cluster na umabot sa 3,416 at Mindanao Cluster na 6,064. Ito ay may may kabuuang bilang na 39,194. Karamihan sa mga dumalong *Area Representatives* ay mga MI-Agents din.

Samantalang mayroon na tayong 11 *MI Supervisor*. Isa-isang ipinakilala ang mga MI-Supervisor na dumalo din para sa isasagawang *launching*. Kaugnay nito, ipinahayag din na noong nakaraang taon ay nagbigay din ang Pioneer Intercon ng karagdagang insentibo para sa 10 MI-Agent na may pinakamataas na benta ng PAID Plan na nagkakahalaga ng Php 72, 737.00

4.2 Binigyang-linaw din ang gawain ng isang *Microinsurance Claims Adjuster (MI-Adjuster)* na kung saan sila ang magsasagawa ng *PAID Plan ReHouse claim validation* mula sa mga Unit na itinalaga sa kanya, hindi siya pinapayagan na mag-*validate* ng *claim* ng *policyholder* na siya ang nagbenta.

Ang *CaPILING AWARD* naman ay karagdagang insentibo para sa mga MI-Agents, MI-Supervisors at MI-Managers na naging kapiling sa paglilingkod sa pamamagitan ng pagbebenta ng PAID Plan sa loob ng limang (5) taon o higit pa.

Nagbigay ng maikling mensahe ang President/CEO ng Pioneer Life na si Mr. Lorenzo O. Chan Jr. Sinundan din ito na mensahe mula kay GM Alex M. Dimaculangan, na kasalukuyang *President* din ng CaMIA. Muling nabanggit ang tungkol sa hinihiling na karagdagang *allowance* para sa mga MBA Coordinators na kung saan ay sinabing ito ay maaring makunsidera subalit pag-aaralan pa. Binigay na opsyon din ay ang pagbibigay *allowance* sa mga MBA Coordinator sa tuwing sila ay nagva-*validate* ng *claim*. Subalit, mariing sinambit ni GM Alex M. Dimaculangan na ang lahat ng ito ay pag-aaralan pa at pagtatalakayan pa sa Executive Committee at Board of Trustees kung ang pagpapatupad nito ay kanilang sasang-ayunan.

5. Paghahalal ng mga Bagong Lupon ng Patnugot: Pagbibilang ng *Election Returns*

Ang COMELEC ay binubuo nina BDSFI CEO Aristeo A. Dequito bilang COMELEC Chairman, at CARD SME Bank EVP/COO Cynthia B. Baldeo at CARD Inc. Associate Director Ms. Elma B. Valenzuela bilang COMELEC *members*.

Binuksan ng COMELEC ang silyadong *ballot box* at sinuri ang laman ng *election returns*. Matapos nito ay isa-isang binanggit ang nakuhang bilang ng boto ng mga nominado mula sa bawat *cluster*. Nakatala sa ibaba ang naging resulta ng isinagawang halalan:

PO / SO	PANGALAN	BILANG NG BOTO
Cavite PO	Melanie P. Catapang	**306,464**
	Ma. Therese Jane F. Perdito	**517,751**
Masbate PO	**Vivina D. Rapsing**	**507,243**
	Lucy S. Gonzales	**280,130**
	Sarah C. Albelda	**39,118**
Marinduque SO	Ma. Jocelyn Pelobello	**84,989**
	Maricel A. Ramos	**387,948**
	Elenita M. Gremaldo	**346,677**
Oriental Mindoro PO	**Aniana A. Aniel**	**565,932**
	Leah P. Macapugay	**261,237**

Sinundan ito ng panunumpa ng mga bagong mga Patnugot at pagbibigay ng Sertipiko ng Pagkilala sa mga Patnugot na natapos na ang termino.

6. Pagtatapos ng Pagpupulong

Nagbigay ng maikling mensahe sina CARD Inc. Executive Director Flordeliza L. Sarmiento, CARD Bank EVP Lorenza dT. Bañez at CARD SME Bank President & CEO Mary Jane B. Perreras. Binanggit naman ni CARD MRI Managing Director Dr. Jaime Aristotle B. Alip sa kanyang mensahe na magkakaroon ng *Medical Assistance Program* at posibleng ang susunod na AGMM ay ganapin sa bagong CMDI Building sa Tagum City, Davao del Norte. Mayroon na ding *generic medicines* na abot-kaya ng mga kasapi at sunod na dito ang sariling klinika at ospital ng CARD MRI.

At sa pagtatapos na taunang pagpupulong ay muling nanumpa sa kanilang tungkulin ang mga MBA Coordinators sa pangunguna ni Pangulong Jocelyn C. Decipeda. Natapos ang pagpupulong sa ganap na ika 12:30 ng tanghali.

Inihanda nina:

MELANIE T. ELPA
Executive Assistant

NERILYN P. MARCEÑO
Main Office Bookkeeper

Sinuri at Pinatunayan ni:

LYDIA A. MENDOZA
BOT Secretary